CARD PIONEER Microinsurance Inc.

CaMIA
CARD MRI Insurance Agency

| | | |
|---|---|---|
| PARA SA | : | **Lahat ng kasapi at kawani ng CARD MRI Operations (CARD Inc., CARD Bank, CARD SME, CARD RBI), Microinsurance Supervisors at Coordinators** |
| MULA SA | : | CPMI Officer-in-Charge<br>CaMIA President |
| PETSA | : | Marso 13, 2023 |
| TUNGKOL SA | : | **Mga Paalala at Gabay sa ProteKITA** |
| MEMO REF. NO | : | **CPMI-SALES-2023-11** |

Magandang araw!

Ang pamunuan ng CaMIA at CPMI ay taos-pusong nagpapasalamat sa walang-sawa pagsuporta sa mga produkto ng CPMI upang mas maparami ang mga miyembro na nakaseguro. Noong isang taon, ating inilunsad ang ProteKITA isang bagong produkto na naglalayon maipaseguro ang bawat miyembro at ang kanilang mga negosyo.

Kaugnay ng patuloy na pag dami ng nakaseguro sa ProteKITA, narito ang ilan sa paglilinaw at Gabay upang mas maging maayos ang proseso ng enrollment nito.

**MAHALAGANG PAALALA AT GABAY:**

**1. PAGSUSURI NG NEGOSYO**

Upang mas mapadali ang pagpapaseguro sa ProteKITA narito ang pamantayan at listahan ng mga maaring ma-qualify at hindi pwede i-enroll na negosyo.

| PAMANTAYAN | |
|---|---|
| **PWEDE** | **HINDI PWEDE** |
| ✓ negosyo sa ilalim ng MSME o Micro, Small & Medium Enterprise at iba pang mga legal na negosyo | ✗ negosyo na kabilang sa "High-Risk" |
| ✓ pagmamay-ari o inuupahan ng nakaseguro | ✗ malakihan negosyo na dina sakop ng Micro Business |
| ✓ may malinaw na dibisyon, matibay at permanenteng pundasyon na gawa sa light and/or concrete na materyales | ✗ walang physical store |
| ✓ Tindahan na nasa bakuran o labas ng Bahay (dapat may klarado dibisyon at permanenteng pundasyon) | ✗ purely pagawaan ng mga produkto |
| ✓ Tindahan na nasa loob ng Bahay (dapat klarado ang lokasyon ng tindahan kung wala sarili dibisyon) | |

CARD PIONEER Microinsurance Inc.

CaMIA CARD MRI Insurance Agency

| LISTAHAN NG MGA NEGOSYO | | |
|---|---|---|
| ✓ PWEDE | | ✗ HINDI PWEDE |
| Sari-Sari Store, convenience store, Grocery | Parlor/Salon | Sari-sari store na nagbebenta din tingi tingi o per bottle na gasolina |
| Sari-Sari Store na may tinda din gasul | Party Supplies Store | Purely Gasul tank store o Anumang tindahan na may binebentang purely sumasabog na produkto |
| Bakeshop or bakery (with store/display) | Pet Shop | House Rentals/Apartment |
| Barbecue/Grilling station (with store/display) | Pagawaan ng cabinet with store | Poultry/Piggery/Livestock related |
| Barbershop | Photo, Posters, Tarpaulin & T-Shirt Printing | Auto Repair & Maintenance Shop (Talyer) |
| Business Cards, Flyers, and Brochure Printing | Photocopy Business | Bakery (purely pagawaan ng tinapay) |
| Buy & Sell/Ukay-ukay store | Photo & Video Studio | Bicycle/Vehicle Rental |
| Car Wash Business | Plants/Garden Shop | Beerhouse or Pub |
| Catering services with venue rental | Restaurant, Canteen or Carinderia | Candle Making Business |
| Clothing Boutique & Garage Sales | Spa & Massage Center | Catering Service's Needs & Equipment Warehouse |
| Clothing Store Business | Tailoring, Alteration & Seamstress Services | Factory |
| Computer Shop | Upholstery | Funeral Parlor |
| Costume Rentals | Vape Shop | Junkshop |
| Egg Supplier with display/store | Water Refilling station | Logistics, Trucking, & Hauling Services |
| Electronics & Cellphone Repair | Wet Market Stall (Palengke Stall) | Lying In/Clinic |
| E-Loading Business | | Machinery |
| Fashion Accessories Store | | Online Business/Shop without physical store |
| Flower Shop | | Purely Litsonan/Ihawan/Paluto lang |
| Fruit/Food Stand (permanent location) | | Resort |
| Homemade Products Seller (w/ physical store) | | Rolling Store/Food Cart |
| Laundry/Dry Cleaning Business | | Street vendors |
| Lights & Sounds Equipment Rental | | Vulcanizing Shop |
| Meat Shop | | Warehouse or Supplier |
| Merienda & Palamig Business (Stall) | | Welding Shop |

**PAALALA:** Kung sakali wala sa listahan ang negosyong nais magpaseguro sa ProteKITA, mangyaring makipag-ugnayan sa pamunuan upang ma-assess ang nasabing business kung pwede ba o hindi pwede ito ipaseguro sa ProteKITA.

## 2. POLICY ISSUANCE

Nais linawin ng pamunuan na ang issuance ng ProteKITA ay naka alisunod din sa umiiral na probisyon ng iba pang CPMI products. Ibig sabihin, hanggang isang (1) ProteKITA lamang ang maaaring magkabisa sa loob ng isang taon kada negosyo at Policy Holder. Hindi maaaring maging Policy Holder ang isang indibidwal ng higit sa isang beses.

Kung sakaling ang policy holder ay mayroong higit pa sa isang negosyo maaari itong ma i-enroll pasubali na sa asawa o kaanak nakapangalan ang isa pang policy para sa iba pang negosyo.

## 3. PROOF OF OWNERSHIP

Bilang paghahanda sa mga di inasahang pangyayari, nais ipaalam ng pamunuan ang ilan sa mga kinakailangan dokumento sa oras na mag karoon ng claim sa ProteKITA. Sa pagsisiyasat ng benepisyo kailangan patunayan ang address at pag mamay-ari ng negosyo. Ang mga dokumento ay alinman sa mga sumusunod:


A. Business Permit

B. Anumang Proof of Billing o Brgy. Certification (naka indicate ang address at may-ari ng negosyo)

C. Narrative Report mula sa CARD Staff na nagpapatunay ng address at sino ang nag mamay-ari ng negosyo kung walang loan at "loan amortization schedule" naman kung mayroon loan.

## 4. POLICY EFFECTIVITY

Muling pinapaalalahanan ang striktong pagsunod ng lahat (PROs, MiSs at MiCs) sa pagdidikit ng STICKER sa lahat ng POCs ng ProteKITA. Siguraduhin na bago mag issue ng POCs ang PRO sa mga MiCs o Units ay nakalagay o nakadikit na ang STICKER. Para naman sa MiCs/MiS huwag din kalimutang banggitin sa mga policy holders ng ProteKITA ang Effectivity ng kanilang polisiya sa araw ng pag bili nito.



BUSINESS INTERRUPTION BENEFIT

**Business Interruption Claims Payout Scheme**
Matapos ang 24-oras na pagkahinto ng operasyon ng negosyo dahilan sa bagyo baha at lindol, makakatanggap ang Nakaseguro ng benepisyong ayon sa porsyento ng pagkasira ng istraktura (main structure) /pundasyon ng kanyang negosyo. Tingnan ang table sa ibaba bilang gabay

| Porsyento ng Pagkasira | Benepisyo |
|---|---|
| At Least 10% | P 500 |
| 11% hanggang 25% | P 1,250 |
| 26% hanggang 50% | P 2,500 |
| 51% hanggang 75% | P 3,750 |
| 76% hanggang 100% | P 5,000 |

**Tandaan:** Ang nasabing benepisyo ay hindi hihigit sa halaga ng nakasaad sa Proof of Cover.

This program is underwritten by:

Ang microinsurance product na ito ay hindi nakaseguro sa Philippine Deposit Insurance Corporation (PDIC) at hindi pananagutan ng

Ang Effective Date ng polisiyang ito (Personal Accident/Sunog/Lindol) ay sa ganap na 12:01 ng hatinggabi ng susunod na araw mula sa Petsa ng Pagbili samatalang sa ilalim ng Business Interruption (bagyo/baha) ito ay magkakabisa lamang matapos ang tatlumpung araw (30) mula sa Petsa ng Pagbili.

CARD PIONEER MICROINSURANCE INC.
Pioneer House Makati, 108 Paseo de Roxas, Legazpi Village, Makati City 1229, Philippines
Tel: +63 2 8812 7777 or +63 2 7750-5433 • Fax: +63 2 8817 1461 • www.pioneer.com.ph

Ang Effective Date ng polisiyang ito (Personal Accident/Sunog/Lindol) ay sa ganap na 12:01 ng hatinggabi ng susunod na araw mula sa Petsa ng Pagbili samatalang sa ilalim ng Business Interruption (bagyo/baha) ito ay magkakabisa lamang matapos ang tatlumpung araw (30) mula sa Petsa ng Pagbili.

Ang proseso na ito ay pansamantala lamang habang mayroon pang exisiting Policy on hand ang lahat ng Provincial Offices. Ang CPMI ay mag-iissue ng revised version ng ProteKITA POC sa mga susunod na issuance.

Para sa iba pang mga katanungan o paglilinaw ukol dito mangyaring makipag-ugnayan lamang sa pamunuan ng CaMIA at CPMI.

Maraming Salamat!

Digitally signed by Melinda Grace M. Labao
Date: 2023.03.13 17:57:30 +08'00'

MELINDA GRACE M. LABAO
Officer-in-Charge, CPMI

VENER S. ABELLERA
President, CaMIA

Noted by:

ARISTEO A. DEQUITO
CARD MRI Managing Director

AAD/VSA/MML/agd